

SPECIFIC FIELDS OF APPLICATION

SALINGWIKA, SALINGDIWA: ISANG PAGLALAHAD AT ILANG MUNGKAHI

BUENAVENTURA S. MEDINA, JR.
De La Salle University

1. FILIPINO O INGLES?

May mga pangyayaring agad-agad na nagpapasiya ang isang bilingguwal na Pilipino. Agad-agad. Gaya nga ng paliwanag ng Misis ko. Naghahanda siya kamakailan ng mga grades ng kanyang mga piyupil sa Grade 5. Nasabi niya: 'Marunong naman sila, pero pangit ang marka. Kasi pag Ingles na ang problem, hindi talagang maintindihan. Pero pag tinagalog ko na, madali na silang makasolb'.

Ano ang implikasyon? Impresyon ko lang naman na siguro kung saan madaling matuto ang bata, doon ibaling ang pagtuturo--maging ang lengguwahe ng pagtuturo. Subalit may mga tuntunin sa paggamit ng wika sa pagtuturo na atas ng patakarang bilingguwal sa edukasyon.

Tama namang haraping problema ng isang bilingguwal na Pilipino ang wikang panturo. Pagharap na mapaglimi. Edukadong pagpili ng gagamiting wika; at kung edukado nga'y dapat na napapanahon at mabilis. Kaya nga, mabalik ako sa Misis ko, ang pasubali ko'y baka nasa paggamit ng wika--anumang wika iyon. May kaukulang hinihinging kasanayan sa wika ang pagtuturo. Sa ganito, kapag napaharap sa pagpili, Filipino o Ingles, ang isang Pilipino, may kagyat siyang sagot.

2. KAUGNAY NG INTELEKTUWALISASYON

Ano ang kaugnayan ng tanong na 'Filipino o Ingles'? sa intelektuwalisasyon ng Pilipino? Ito: ang Pilipino--ang tao--ay nahaharap pa sa ganyang suliranin dito sa kanyang sariling bayan. Kalimitan hindi matalinong nakapamimili ang tao. Bakit? Pansinin ang kahandaan ng tao sa paggamit ng alinman sa dalawa. Paggamit na matalino. Paggamit sa larangan ng karunungan, mangyari pa.

Isang layunin ng mga pagsisikap sa intelektuwalisasyon ang maihatid ng wikang Filipino ang kaalaman ng daigdig. Kaya layunin ng *paper* na ito na linawin ang magagawa ng pagsasalingwika sa intelektuwalisasyon ng Filipino. Isasaalang-alang dito ang ubod na layunin ng kumperensiyang ito: makatagpo ng baseng teoriya para sa pagsasanay ng mga guro sa high school. Kaya kailangang tanawin ang problema nang nakasandig sa patakaran sa bilinggwalismo.

Ang isang gurong bilinggwal ay may kasanayan sa dalawang wika; nagagawa niyang ihatid ang karunungan saklaw ng kanyang disiplina sa kaukulang wika--Filipino o Ingles. May paniwala kami na ang kasanayan sa wika ay pinayaman at pinayayaman ng kasanayan, aral man o natural, ng isang bilinggwal sa pagsasalingwika.

3. MGA LAYUNIN

Nang may malawak na layuning makilala ang magagawa ng pagsasalingwika sa intelektuwalisasyon ng Filipino, tatalakayin namin ang paksang pagsasalin ng literatura sa Filipino. Ang lalong tiyak na layunin ay:

1. Kilalanin ang pagsasalingwika na isang gawaing pangwika.
2. Kilalanin ang literatura na siyang lahat ng karunungang mababasa/matutung-hayan.
3. Kilalanin ang isang uri ng pagdulog sa pagsasalingwika bilang isang propesyon at di nagtatangi kung pampanitikan man o hindi.
4. Kilalanin ang mga hinihinging kasanayan sa mga wikang sangkot sa pagsasalin.
5. Kilalanin ang ilang problema sa pagsasaliksik kaugnay ng pagsasalingwika.

Tagapagpakilala ang aming piniling tungkulin. Sa ganito, bubuo kami ng maaaring gamiting gabay.

4. GAWAIN PANGWIKA

Isang gawaing pangwika ang pagsasalin (Cunningham 1971). Unang-unang hinihingi sa isang nagsasalin ang makilala niya ang kalikasan ng wika, ang maunawaan niya ang pananagutan niya kaugnay ng wika, at maangkin niya ang kasanayang pangwika na kailangan niya.

Unawain na isang buhay na lakas ang wika, isang patuloy na proseso ito--kung ginagamit. Maiisip na maaaring mamatay ang isang wika kung hindi ginagamit. Nasa gamit samakatuwid ang buhay ng isang wika, ang pagpapatuloy sa proseso. Kung kakatawanin ng wika ang kabuuan ng pagtatalastasan ng mga salinglahi, maiisip na dala ng wikang yaon ang mga karunungan at kaisipan na nabuo na at maaari pang mabuo. At ang *maaari* pang mabuong yaon ay nasa matalinong paggamit ng wika. Kaugnay nito, ibig naming imungkahi ang pagsasalin bilang isa sa lalong mabibisa at matatalinong paggamit ng wika. Kasangkapan ang pagsasalin sa maanyong paggamit ng wika para mapanitili itong buhay. Kasangkapan ito sa *pagbuo* ng ibayo pang karunungan at kaisipan na dala ng wika.

Kaugnay ng ganyang pagtanaw sa wika, pananagutan ng nagsasalin (at ng sinumang matalinong gumagamit ng wika, ang manunulat, halimbawa) na makatulong para mapayaman ang wika bilang kasangkapan sa komunikasyon, lalo na sa mabisang pagpapahayag ng likhang-isip.

Kakambal na pananagutan naman ang matutuhan ang maanyo at matalinong paggamit ng wika, na tatawagin kong malikhaing gamit ng wika. Limiin ang buhay na wika,

ang patuloy na proseso, sa paraan na habang ginagamit ang wika nang maanyo at matalino, mga bago't bagong idea ang papasok, mga bago't bagong idyoma ang malilikha, na bunga ng panahon at pangyayari, mga sirkunstansiya ng pagkalikha.

5. KASANAYAN: DALAWA'Y TATLO RIN

Hinihingi ng kambal na pananagutang kahahayag--ang mapayaman at gamitin nang matalino ang wika--ang kasanayan sa dalawang wika, sa wikang isinasalin at sa wikang pinagsasalinan at ang kasanayan sa paksa.

May pasubali sa tatluhan nabanggit. Napatunayan ng mga lingguwist sa masalimuot na mga proseso sa pag-iisip ang kasangkot sa pag-aangkin ng wika. Madaling maunawaan kung bakit sa sari-sarili nating wika hindi pare-pareho ang ating kasanayan. Ikalawang bagay, kaugnay naman ng paksa, kailan ba talagang natututuhan ng tao ang isang sangay ng kaalaaman? Kapag may natutuhan na siyang wikang maaaring 'nagtataglay' ng karunungan yaon. Maaaring isipin na ang kasanayan sa paksa--ang paksa na isinasalin--ay mababatay nang malaki, kundi man lahat-lahat, sa kasanayan sa wikang nagtataglay niyon.

Maaari ding ipalagay na ang isang huwaring tagapagsalin ay yaong dalubhasa sa wikang isinasalin at sa wikang pinagsasalinan. Dapat pa ring linawin na ang kadalubhasang yaon ay mapahalagahan lamang kung nagagamit nga sa matalino at malikhang paraan. Kawing-kawing ang mga kasanayang iyan, matatalik na magkakaugnay.

Implikasyon: hindi basta dalubhasa, makapagsasalin. Marami sigurong masasabing marunong ng Ingles at ng Tagalog, ngunit hindi sukat makapagsasalin. May kaakibat na kahingian ang kasanayang iyan, isang natatago pang kasanayan--matindi ang pagdama sa karanasan, may oido, may intuwisyon, may imahinasyon. Sa larangan ng pagsasalin, ang isang Kastilaloy na laki sa Amerika ay hindi dali-daling makapapantay kay Leon Ma. Guerrero o kaya ang isang Tagalog na laki sa isang tahanang Kastila ang makapapantay kay Patricio Mariano. Huwag nawang isipin na di sila maaaring pantayan. Ibig lamang naming bigyan ng diin na ang kadalubhasaan sa wika ay dapat na kakambal ang katangiang maging malikhain, ang pagka-artista. May iba pang bagay na dapat intindihin.

6. LIKHA NG TAO

Bilang isang gawaing pangwika, ang pagsasalin ay lumilikha ng isang katha na may impluwensiya ng wika at panahong kinababasaan niyon. At sapagkat gawa ng tao, ang kathang yaon ay kinatalaban din ng mga impluwensiyang nagkabisa sa nagsalin--ang sarili niyang paniniwala, pananaw, paghahalaga, ideolohiya--ang kanyang pagkilala sa mundo. Sa maikling sabi, ang karakter ng salin ay apektado ng wika at panahon na kinababasaan niyon at ng pagkatao mismo ng nagsalin (Mace 1973).

Mahalagang unawain ang ganyang mga impluwensiya sa karakter ng salin para maunawaan ang katotohanang walang palagiang salin. Mauunawaan din ang ilang problemang dapat harapin ng tagasalin: ang tiyak na pagdulog niya sa pagsasalin, ang pamaraang gagamitin, at sa huli, ang pagkilala kung mahusay ang salin.

Ano ang kaangkinan ng nagsalin ang kumilos para matamo ang inakala niyang marapat na uri ng salin? Tanawin halimbawa iyan sa pangyayaring marami ang nagsalin ng 'Ultimo Pensamiento' ni Rizal--mula kay Bonifacio, na kapanahon ng makata, hanggang sa mga makata ng ating panahon. Maimumungkahi na ang nawaglit o nadagdag sa pagkamatulain ng pamamaalam ni Rizal ay maitatapat sa pagbabawas o pagpapayaman sa imahinasyon at sa paghawak sa lengguwahe.

Maaaring may atas na labas sa sariling pananaw ng nagsalin ang makaimpluwesiya sa karakter ng salin niya. Paghambingin halimbawa ang mga unang bersiyong Tagalog ng *Bagong Tipan* at ang bagu-bagong *Mabuting Balita*. Mayroon pa ring inihahanda na lalo pang napapanahong bersiyon ng *Bagong Testamento* sa Tagalog. Mag-asawang makata at kuwentista/nobelista ang mga pangunahing tagasalin ng bersiyong ito. Alalahanin na ang Bibliya ay isinalin na sa halos lahat ng wikang makabuluhan sa mundo noon at ngayon. Sa Pilipinas, isang gawain ng mga misyonerong dayuhang lingguwist ang magsalin ng Bibliya sa mga lengguwaheng katutubo.

Isang mahalagang lakas na magkakabisa sa karakter ng salin ay ang panahong lilikha nito. Kaugnay ng panahon, mangyari pa, ang mambabasa at ang wikang alam niya sa pagbasa.

Magandang halimbawa ang salin sa Ingles ni Leon Ma. Guerrero sa *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*. Niliwanag ni Guerrero na ang pinaglaanan niya ng kanyang salin ay ang mambabasa ng kasalukuyang panahon. Kaya anong uri ng Ingles ang ginamit? Ginawa niyang mangusap ang mga tauhan ni Rizal na gaya ng mga tao sa ating panahon sa Ingles na ginagamit natin--sa isang kapaligirang kilala natin.

Pansinin naman ang mga salin sa komiks ng Noli at Fili. Ginamit na pananagalog ay ang pananagalog na kinasayanan ng mga taong mambabasa ng komiks; ang idyoma ng komiks bilang wika ng pagsasalin ay isang magandang problema sa pananaliksik.

Isang magandang halimbawa, kung mamarapatin, ng pag-aangkop ng karakter ng salin sa wika at panahon ng pinaghandaang mambabasa ang *translation project* ng Solidarity Foundation at Toyota Foundation. Kabilang kami sa mga tagapagsalin. Magaan na Pilipino, iyan ang hinihinging wika. Iyan ang pinalalagay ng Foundation na wikang alam ng mambabasa sa Filipino sa ating panahon: ang mambabasang nag-aral ng Pilipino na base sa Tagalog at ngayon ay inaakit na magpayaman ng kaalamang hatid ng mga kaisipan at tradisyon sa Timogsilangang Asya.

Hanap sa Solidarity-Toyota Translation Project ang tagasalin na isa ring manunulat. Na nagpapatibay sa isang paniwala na ang pagsasalin bilang isang gawaing pangwika ay magagampanan lamang nang buong katinuan ng *isang artista ng wika*. (Sa kabilang dako, sa totoo lang, karamihan sa mga nagsasalin ay hindi artista. Noong araw pa man, may nagpasaring na: *Such is our pride, our folly and our fate/that only those who cannot write, translate....* Iyan ang malungkot na katotohanan. Sa aming palagay, iyan ay isang bagay na ibig baguhin ng kasunduang Solidarity/Toyota.)

Ang ganitong mga layunin sa pagsasalin bilang salik na nakaiimpluwensiya sa karakter ng salin ang isang bagay na dapat isaalang-alang sa ebalwasyon at pagsusuri sa mga salin. Isang problema sa pananaliksik ang mapanuring pagpapahalaga sa mga kathang salin, kaugnay ng katapatan sa kahulugan at estilo.

7. LAHAT NG PANULATAN

Sa prosesong pagsasalin ng paksa natin, ang banyagang panitikan--*foreign literature*--ay yaong literaturang nababasa natin sa Ingles, na maaaring orihinal o salin din.

Sa *paper* na ito, kahulugan ng literatura ang lahat ng panulatan--*all writing*. Bagaman may delimitasyon, sa harap ng pagpapatupad sa patakarang bilingguwal, ang literaturang nababasa sa Ingles ay ang panulaan at ang iba pang maguniguning literatura, at ang literatura ng mga *social sciences*. Sa malawakang pagtingin, ang pagsasalin ay hindi kailangang tawaging *literary* o hindi *literary*, pampanitikan o hindi pampanitikan, sapagkat ang anumang pahayag hinggil sa pagsasalin ay mailalapat din sa iba pang karunungan--siyensiya at teknolohiya.

8. PAGPAPATIBAY

Ang ganyang konsepto sa pagsasalin na pumupuwing sa pagkakaiba ng *literary* at *non-literary translation* ay mauwi sa pagkilala sa pagsasalin bilang konteksto. Na ang salin ay isang konteksto na sadyang ipinababasa bilang konteksto, hindi isang kalipunan lamang ng mga salitang may tiyak na kahulugan at di-mababagong halaga (Gress 1971). Sinasariwa rin ng ganitong konsepto sa pagsasalin ang pagtalab ng kapaligirang kultural sa malilikha ng tagasalin o ng manunulat o ng malikhaing-isip. Napatitibayan din ang paniwala na sa pagsasalin, saklaw na ng kadalubhasaan sa wika--sa malikhaing gamit ng wika--ang kasanayan sa paksa o pagkaalam sa paksa--panitikan man o siyensiya at teknolohiya.

9. ISANG PAGDULOG SA PAGSASALIN

Ang ganyang pagkilala sa paksa ng pagsasalin ang lahat ng panulatan, na pumapawi sa pagkakaiba ng pagsasaling pampanitikan at tekniko, ay mapatitibay ng isang uri ng pagdulog sa pagsasalin--isang pagdulog na pangwika, kaugnay ng proseso ng pagsasalin (Cunningham 1971). Ubod ng ganitong pagdulog ang kasanayan sa wika--sa isinasalin at sa pinagsasalinan, lalo't ang pangunahing mithiin ng nagsasalin ay ang katapatan sa kahulugan. Sa ganitong pagdulog, magkabukod ang mga problema na maaaring harapin sa tatlong baitang: una, paghahanda bago magsalin; ikalawa, pagsasalin mismo; at ikatlo, pag-credit (Newmark 1980).

Isang implikasyon ng ganyang pagdulog ang katotohanan na puwedeng magsalin ang isang huwarang *translator* ng panitikan at ng mga kaalamang tekniko. Sa maikling sabi, ang *translator* ay *translator*. O ang isang *literary translator* ay maaaring maging *technical translator*.

Sa proseso ng pagsasalin, ang paghahanda ng isang masinsinang pag-unawa ay maaaring siya na ring simula ng pagsasalin mismo. Sa ganyan, ang mga problema sa pagsasalin ay maaaring uriin sa dalawa: sa pagsasalin mismo at sa editing.

Hindi magbabantulot ang isang matinong *translator* na sumangguni sa mga dalubhasa o eksperto; maaaring limbag na ang mga karunungan sasangguniin. Karaniwang sinasangguni ang kaalaman tungkol sa paksa--literaturang maguniguni o tekniko man. Bihasa sa paksa ang mga taong nasa larangan, sa panunuring pampanitikan, sa kasaysayang pampanitikan, mga siyentipiko, mga tekniko--at ang mga karaniwang manggagawa at magbubukid sa kani-kanilang hanapbuhay.

Maaaring sumangguni, at dapat lamang, sa mga diksyunaryo ng larangang kanyang kinasasangkutan bilang tagasalin. Diksyunaryo, tesawro. *Mga special dictionaries*. Mga lingguwist. Mga siyentipiko. Mga tekniko. Mga *technologist*. Aklat at tao at dokumento at tradisyon at karanasan.

10. HINDI SOLO

Hindi kailangang mag-isa lamang ang tagasalin. Maaaring nakabubusog sa *ego* ang makilalang mag-isang ginawa ang *translation*. Ngunit karaniwan na ang limbag na salin ay dumaraan sa pangmasid--masusi at mabagsik, maaaring malupit--ng editor. Karaniwang problema makaraan ang magsalin ang *editing*: magsuri at mag-ayos ayon sa kawastuan sa kahulugan at sa estilo.

Kailangang maedit ang salin. Kailangan ng *translator* ang isang editor. Isang matalik na ugnayan mayroon ang dalawa. Maaaring ang unang ribyu ay gawin ng nagsalin mismo; siya mismo ang magsusuri at magwawasto. Subalit lalong makatotohanan at praktiko ang magpasuri pagkatapos sa isang dalubhasa sa paksa at saka sa *editing*.

Mga hakbang: una, pagtapatin ang orihinal at ang salin ayon sa mga kaangkinang semantiko, leksiko, at istruktural. Maaaring matukoy ang pagkalayo sa kahulugan o pagkapaglapastangan dito at sa ganito, maiayos iyon.

Ikalawa, suriin ang terminolohiya o bokabularyo na tekniko. Makatutulong na mabuti ang dalubhasa sa larangan o ang bihasa sa hanapbuhay--halimbawa ang mga salitang ginagamit sa 'bulungan' ng mga mangingisda, ang pangungusap ng mga sakada, ng mga magbubukid kung may suyuan, ng mga durugista, ng mga *sward*, ng mga biyutisyan, ng mga kargador, ng mga *seaman*, at iba pa.

Ang ganyang pagsusuri at pagwawasto--editing, sa madaling sabi--ay nagpapatibay lamang sa katotohanan na hindi totoong mahigpit na hinihingi sa isang tagasalin ang kadalubhasaan sa paksa. Sa kabilang dako, nabibigyan lamang ng diin na ang kadalubhasaan o kasanayang hinahanap ay ang kasanayan sa wika.

Kung iisipin, ang ganyang ribyu at editing ay marapat lamang ipatupad sa lahat ng pagsusulat; ang pagsasalin ay pagsulat din-- ang lahat ng *writing* ay kailangan ng editing. At totoong kailangan sa pagsasalin, lalo't iisipin na hindi lamang isang teksto sa isang wika ang kasangkot sa buong proseso ng pagsulat: dalawang teksto ito, ang orihinal at ang salin.

Ang ganitong ribyu at editing ay nagpapakilala sa proseso ng pagsasalin na tiyakang hindi pang-isahang tao lamang. Nariyan ang kombinasyon ng tagasalin at editor at eksperto. Ang ganyang kolaborasyon ay siyang karanasan marahil sa mga pagsasalin sa ating panahon.

Halimbawa, ang pagsasalin namin sa isang aklat na pinamagatang *A Story of Invention* ay kinailangan naming bumuo ng isang pangkat: dalawang tagasalin--isa rito ang bihasa sa teknolohiya at isang bihasang-bihasa sa wika--at isang editor, na bihasa sa wika at sa pagsasalin.

Halimbawa pa rin, ang pagsasalin na isinasagawa ng Solidarity/Toyota Foundation ay nilalahukan ng tagasalin--na isa ring manunulat/malikhaing artista--at ng isang tagabasa at editor. Sapagkat may kahingian ang *project* na ito na dapat ihandog sa mambabasang di-Tagalog ang salin--at saka dapat makatulong sa pagpapalaganap ng wikang pambansang Filipino--ang tagabasa ay karaniwang di-Tagalog na natuto ng Pilipino sa paaralan. Ang editor ay kinikilalang dalubhasa sa wika--ang isinasalin at pinagsasalinan.

Hindi solo ang pagsasalin; isang kolaborasyon ito. Inuulit: ang kasanayang totoong kailangan ng nagsasalin ay ang kasanayan sa wika, hindi sa paksa. Ang *subject expertise* ay saklaw--dapat na saklaw o kalimitang marapat saklawin--ng kasanayan sa wika.

11. KAHUSAYAN NG SALIN

Pinakapangwakas na tanong sa anumang salin: mahusay ba ang salin?

Sa anong pakahulugan natin *dapat* suriin ang kahusayan? Sa pagkilalang isang gawaing pangwika ang pagsasalin, ang pagsusuri'y maliwanag na salig sa kahusayan ng wika. Ang tanong ay maaaring mauwi sa ganito: mahusay ang pagsasalin kung kinakatawan nito ang orihinal nang hindi nilalapastangan ang wikang kinasalinan.

Subalit paano natin tatanawin ang *kahusayan*, unang-una? Isipin na ang kahusayang tinutukoy ay ang uri ng pagkakasulat--ang kalidad ng pagkakasulat. Iyan ang pakahulugan natin sa kahusayan ng wika. Hindi madaling isipin na kung masama ang pagkakasulat--mahina ang lengguwahe, mahirap isalin ito. Sa ganito, ang problema sa pagsasalin ay nakatuon sa uri ng pagkasulat--sa uri ng lengguwahe, ng orihinal.

Ang problema sa kahusayan ay maaaring matuon sa problema ng paggamit sa wikang pagsasalinan. Gaya ng una naming sabi, hinihingi sa isang matinong nagsasalin na gamitin niya ang kanyang wikang alam na alam--ang wikang pinagsasalinan--sa paraang malikhain.

12. MALIKHAING PAGGAMIT NG WIKA

Sa pagsasalin masusubok ang kakayahan ng isang traduktor na makilala ang iba't ibang kaangkinan ng kanyang wika--ng kasasalinan ng orihinal--at pumili sa mga iyon ng marapat gamitin. Sa ganito, laging naiisip ng isang matalinong nagsasalin na ang kanyang gawain ay *mapili*. Ang ganyang pagiging *mapili* ang isang tanda ng pagiging malikhain.

Pansinin lamang ang salin ng dulang *Man for All Seasons*. Sa unang tingin, mada-ling intindihin ang ibinabadya ng isang taong 'para sa lahat ng panahon'. Sa dula si Sir Thomas More. Sa ating karanasan, bilang Kristiyano, si Jesus. Sa ating karanasan, bilang Pilipino, si Rizal. Ngunit balik tayo sa salin. Sa unang salin. Tao Para sa Lahat ng Panahon. Agad-agad na papasok sa isip na sadyang literal ang pamagat. Maaaring tama na. Naihahatid ang pakahulugan--humigit-kumulang. Ngunit ang gawain ng tagasalin ay mag-isip pa, maging malikhain. Makapili sa maaaring pamilian--sa mga *resources*, wika nga, sa mga kaban o bukal ng kaalaman. Gayon nga ang ginawa ng huling naglapat ng pamagat. Humanap sa mga *idiom* ng Tagalog, sa tinataguriang talinghagang bukambibig. *Taga sa Panahon*.

Naipahiwatig ng nagsalin ang isang tanda pa rin ng pagiging malikhain: ang panatilihing mapanghamon sa pag-iisip ang napili. Ang napili niyang salin ay nag-saalang-alang sa natatago pang kahulugan.

Ganito rin ang mahihinuha sa talaan ng mga salin sa Tagalog ng *huling pensamiento* ni Rizal--mula kay Bonifacio hanggang kay Alejandro--at hanggang ngayon ay isinasalin pa.

Adios Patria adorada, region del sol querida...

Pinipintuho kong Bayan ay paalam/lupang iniitrog ng sikat ng araw (Bonifacio)

Paalam na, sintang lupang tinubuan/bayang masagana sa init ng araw (J. Gatmaytan)

Paalam, sinta kong Lupang Tinubuan/Bayang sinagana ng sikat ng araw (J.N. Sevilla)

Paalam na sintang Lupang-Tinubuan/Pinakaiibig na bayan ng araw (P.H. Poblete)

Paalam na mutyang Tinubuang-lupang minahal ng araw (Balmaseda)

Paalam na Bayang sinta, lupang puspos ng luningning (J.C. de Jesus)

Paalam, Bayan kong pinakaiibig, aliwan ng araw (A. Dimayuga)

Paalam na, sintang Bayan, lupang kasuyo ng araw (G. Tolentino)

Paalam na, Bayan kasi, dakong kasinta ng araw (G. Santiago Cuino)

Aalis na ako, bayang sinisintang kahalik ng araw (N. Baens del Rosario)

Paalam. Bayan kong kasuyo ng araw (Alejandro).

Nariyan ang pamamaalam noon sa ngayon. Aalis na ako... adyos! Karaniwang salita. Karaniwang nagagamit. Paalam na... nasasabi rin. Nang may kapormalan, may kalungkutan. Naging mapamily ang nagsasalin, ang mga nagsalin.

Ikatlong kahingian ng pagka-malikhain: ang matutuhang alamin ang di-inihayag--yaong ipinahiwatig lamang.

May problema ang magsasalin ng ganitong pangungusap:

"Heavens, having an affair with your own cook!" she said. "Exciting!"

Nag-uusap ang magkaibigang babae. Pinag-uusapan nila ang isa nilang kaibigan.

Paano kaya isasalin ang *cook*? Maliwanag ba ng *gender*? O malabo? Depende. *Affair. Exciting.* Mga pahiwatig iyan sa *gender*... marahil. Isipin ninyo ang pagiging *exciting* ng *affair*. Sa ating lipunan, karaniwang ano ang *cook*: babae o lalaki? Ang kaibigang pinag-uusapan---babae o lalaki?

Isa pang halimbawa: ang magsalin ng napakaraming '*he said*', '*she said*', salit-salit, gaya sa kuwentong '*Divided by Two*' ni Arcellana. Masusubok ang pagkamalikhain ng tagapagsalin.

Isang halimbawa ng malikhain pagkasulat sa Ingles ang mga kuwentong Nagrebcan ni Manuel Arguilla. Nagawang ipahayag ni Arguilla sa Ingles ang pagka-Pilipino ng kanyang mga tauhan. Ang pagsasalin sa Tagalog ng kuwentong '*How my Brother Leon Brought Home a Wife*', halimbawa, ay hindi problema--pagsasauli lamang yaon ng kaangkinang Pilipino. Hindi rin magiging malaking problema ang pagsasalin sa Tagalog ng mga kuwentong Mindoro ni N.V.M. Gonzalez.

Ang katitisan *marahil* ay ang pagpili ng angkop na idyoma--kay Arguilla, idyomang Ilokano ang dapat mamayani, na ihanap ng katumbas sa Tagalog.

At kung wala? Ang malikhaing tagasalin, na isang malikhaing artista, ay lilikha ng lengguwahe--batay sa kanyang pananaw, pandinig, pagtugon sa ating naririnig, nakikita, at nauunawaang daigdig at kalinangan.

At kung wala? Hindi maaaring wala. Magandang pagsubok ang paghanap ng katapat ng *slang* ng Amerikano: itatapat ba natin ang kolokyal, ang Taglish, ang swardspeak? Depende. Hahanap tayo ng katugon--mamimili tayo, mangingilala tayo, lilikha tayo. Ang mga kumbensiyon ba sa pagsulat sa ating wika ay buhay pa, ginagamit pa, o laos na? May bago ba at namamayani na?

Ano ang implikasyon ng mga tanong: kailangang patuloy na sinusubaybayan ng isang matalinong tagasalin--may malikhaing kaisipan--ang galaw at paglago at pag-unlad ng kanyang wika. Kung hawak man niya at nakakapa, kaya madaling magamit, ang dapat malaman tungkol sa kanyang wika (na saklaw ang mga di-nakasulat na tuntunin sa pagsulat na tanggap ng lalong maimpluwensiyang manunulat) dapat din niyang masubaybayan ang mga pagbabago, na pagkat bago'y kailangang pagtalunan, sa kanyang wika.

13. MGA REKOMENDASYON

Naipakilala na isang gawaing pangwika ang pagsasalin, na kasanayan sa wika ang pangunahing kakayahang dapat taglayin ng nagsasalin, na dapat masinag at tumalab sa pagsasalin ang kakanyahan ng wikang kababasahan nito gayundin ng panahon ng pagkakasalin at mangyari pa ng pagkatao ng nagsalin. Naipamalas sa saklaw na paraan ang malikhaing paggamit ng wika--na siyang marapat, at sa aming palagay, lalong matalab na paggamit niyon sa pagsasalin.

Ang ganyang paglalalahad ay naghahatid sa ilang katanungan, na ihahayag namin bilang mungkahing gawin sa pagsasaliksik.

Lengguwahe

1. Kung paano mapag-iibayo ng mga tagasalin ang modernisasyon at intelektuwalisasyon sa pamamagitan ng malikhaing paggamit ng wika ay isang larangang maaaring saliksikin.
2. Gayundin, larangan ding maaaring saliksikin ang papel ng pagsasaling-wika sa paglikha o pagpapatibay sa mga kumbensiyon ng wika--nakasulat o sinasalita. Isaalang-alang ang mga napapanahong pagbabagong lingguwistika.

Bansa, Minorya, Rehiyon

3. Kung ano ang naitutulong ng pagsasalingwika sa pagkakaunawaan o di-pagkakaunawaan ng mga taong-bayang nagkakaiba sa wika't kultura ay maaaring saliksikin. Isaalang-alang ang daloy ng impormasyon at paglikha ng *image* sa pamamagitan ng *mass media*.
4. Gayundin, maaaring saliksikin ang maiaambag ng pagsasalingwika sa pagtiyak sa mga epekto ng pandarayuhan ng mga minorya--na lagus-lagusan sa mga rehiyon. Isaalang-alang ang mga patakaran ng bansa na naglalayong mapatupad ang pagkakaunawaan at pagkakaayos ng iba't ibang kulturang etniko/rehiyunal.

Komunikasyon

5. Kung paano maipatutupad sa pamamagitan ng pagsasalingwika ang ganap na transpormasyong kultural o paglilipat ng mga katangiang kultural ay isang larangang maaaring saliksikin. Isaalang-alang ang Filipino English o pidgin English para sa mga Pilipino.
6. Gayundin, saliksikin kung maaaring maabot ang ganap na komunikasyon sa pamamagitan ng pagsasalin. Isaalang-alang halimbawa ang katotohanan na maaaring may katumbas na leksiko ang isang salita, subalit nananatili pa ring may naiiba itong konotasyong sosyal at sikolohiko.

Index

7. Kaugnay ng pagsasaliksik, mabuting makabuo ng isang Index ng mga Salin, na talaan ng mga salin sa Pilipino ng literaturang banyaga. Maaaring uriin ang mga katha sa literatura, agham na panlipunan, siyensiya at teknolohiya, at iba-iba pang disiplina.
Katuwang ng Index na ito ang isang Talaan ng mga Itinatagubiling Isalin.

MGA SANGGUNIAN

- BRAEM, HELMUT. 1971. Languages are comparable and yet unique. In *The world of translation*, ed. by Charles Blood, 121-133. New York: PEN American Center.
- CUNNINGHAM, DALE. 1971. The interaction of literary and technical translators. In *The world of translation*, ed. by Charles Blood, 39-51. New York: PEN American Center.
- GRESS, ELSA. 1971. The art of translating. In *The world of translation*, ed. by Charles Blood, 53-63. New York: PEN American Center.
- LARSEN, MILDRED. 1984. *Meaning-based translation: A guide to cross-language equivalence*. Lanham, Maryland: University Press of America.
- MACE, MAYNARD. 1973. A note on translation. In *World masterpieces II*, ed. by Maynard Mace, 1849-1855. New York: W.W. Norton and Co.
- MALRAUX, CLARA. 1971. Translation and complicity. In *The world of translation*, ed. by Charles Blood, 195-201. New York: PEN American Center.
- NEWMARK, PETER. 1982. *Approaches to translation*. Oxford: Pergamon Press.
- NIDA, EUGENE and CHARLES TABER. 1969. *The theory and practice of translation*. Leiden: E.J. Brill.